

# 1

Kunot ang noo ni Tamara del Rosario habang nakaupo sa harapan ng computer sa kanyang opisina. Nakakalat sa mesa ang kanyang notes, ang web browser ay nakabukas sa websites na may impormasyon tungkol sa Constitution, Penal Code, at Family Code.

Nagsusulat siya ng editorial tungkol sa issue ng child trafficking. Recently, binibigyan iyon ng malaking atensyon ng media, ng gobyerno, at ng publiko dahil sa sunud-sunod na insidente ng kidnapping sa siyudad.

Pasado alas seis ng gabi at nasa kalagitnaan siya ng kino-compose nang mag-ring ang kanyang cellphone.

“Hi, Nick!” malumanay na bati niya sa tumatawag.

“Hey, Honeybunch!” Iyon ang lambing sa kanya ng kasintahan. “Susunduin na kita. You ready to leave?”

“Just about.” Tinuldukan niya ang sinusulat na sentence at sumandal sa upuan. “Patapos na ito. Tamang-tama lang pagdating mo.”

“Take your time,” anito. “Ahm, Hon, okay lang ba na mag-dinner out tayo? Or masyado ka nang pagod?”

“Hmm,” Tunitig siyang muli sa dokumento sa screen, “okay lang naman. Bakit?”

“May good news kasi ako. Feel ko mag-celebrate.”

Hindi masyadong nag-register sa isip niya ang huling sinabi nito. Nagsimula na naman kasing umandar ang utak niya sa idudugtong sa isinusulat.

“Or, puwede din na sa bahay na lang tayo. I can cook us dinner.”

“Kahit ano, Hon, okay lang.” Nagsimula siya muling tumipa sa keyboard.

“Alam ko na, I’ll just pass by a restaurant and get us some take out para hindi sayang ang oras sa pagluluto.”

“Sure.”

“Sige, I’ll see you in a while, okay?”

“Yup!” In-adjust niya ang suot na salamin sa mata. “Text mo na lang ako kapag malapit-lapit ka na, I’ll go down na sa ground floor.”

“Sure. Love you,” paalam nito.

“Love you, too,” awtomatiko niyang sagot bago ilapag ang cellphone sa lalagyan nito sa mesa.

Saka lang siya napaisip.

*Ano daw?* Dinner sa labas? Or sa bahay ba?

Ipinilig niya ang ulo. Basta ang malinaw, susunduin siya ng nobyo anytime soon so dapat madaliin na niya ang ginagawa.

Nag-iinit nang muli ang mga kamay niya sa pagtipa sa keyboard nang intercom naman ang nag-ring.

“Tammy,” anang editor niya, “can you come to my office, please?”

Huminga siya nang malalim. Conclusion na lang sana ang susulatin niya, madidiskaril pa yata.

“Two minutes lang, Gilbert, I’m writing my last three sentences.”

“Sige, I just want to introduce you to someone.”

“Okay, saglit lang.” Agad niyang binalikan ang sinusulat bago pa mablangko ang utak niya.

Dalawang minuto *en punto*, naka-save na ang article at ipinadala na niya iyon sa section editor para mai-layout.

Naglakad siya sa mahabang corridor ng opisina ng pahayagan papunta sa kabilang dulo ng palapag kung saan naroon ang opisina ni Gilbert. Ilang kaopisina ang bumati sa kanya nang madaanan niya ang mesa ng mga ito.

Napangiti siya sa sarili. A few years ago, ni pangalan niya ay hindi alam ng mga ito and neither did they bother to ask. Highly competitive ang atmosphere sa opisina nila. Malakas din ang pulitika. Dumaan siya sa butas ng karayom para patunayan na hindi lang dahil sa diploma mula sa *U.P. Diliman* kaya siya may galing na matatawag.

She churned out article after article na umani ng papuri mula sa mga mambabasa, sa kanilang editor at publisher. She earned that coveted corner office at ngayon, isa na siya sa mga respetadong kolumnista ng pahayagan.

Mula sa salaming pintuan ay naaninag na niya ang likuran ng ulo ng bisita ni Gilbert. *Hmm*. Ito malamang ang ipakikilala sa kanya. Tumambol ang dibdib niya.

Bakit parang pamilyar ang lalaki?

“Ay, ’ayan ka na pala.” Hawak ni Gilbert ang telepono.

“Two minutes, di ba?” Ngumiti siya.

“Tammy, I want you to meet a good friend of mine.” Iminuwestra ng boss ang kamay patungo sa bisita.

Dumako ang tingin niya sa lalaking prenteng nakaupo sa harap ng mesa ng boss. Nag-tense lahat ng muscles ng katawan niya nang mapagsino ito.

“This is Diego Villaroman,” pagpapakilala nito.

“I know who he is,” sabad niya. Her eyebrows were raised, namimilog ang mga mata.

“Been a long time, Tammy.” Tumayo ang lalaki at hinarap siya nang tuluyan para ialok ang kamay. “Successful ka na. Congratulations!”

Tinitigan niya ang palad nitong nakalahad pero hindi tinanggap iyon. “Pinaghirapan ko ang posisyong ito. Unlike some people.”

Napansin niyang naningkit ang mga mata nito habang nagpapalipat-lipat ang tingin ni Gilbert sa kanila.

“Magkakilala kayo?” tanong ng boss niya.

Hindi niya iyon sinagot. Nanatili lang siyang nakatayo, nakaingos.

Ngumisi ang bisita. “Tammy and I are old friends.”

Nagtiim ang bagang niya. “We were never friends, Diego.”

Lumawak ang ngiti nito, at tuluyang humalakhak. Lalo tuloy sumulak ang galit at inis sa dibdib niya. She had always been able to control her emotions fully, pero pagdating sa lalaking ito...

“Ano’ng ginagawa mo rito?” nakataas ang kilay niyang tanong.

Si Gilbert ang nagpaliwanag. “Naisip ko kasi baka kailangan mo ng tulong sa editorial mo. Diego’s been very much involved with the rescue operations.”

Naupo siya sa bakanteng upuan doon. “Thanks for the thought, Gilbert, pero tapos ko na ’yung article.”

“Gusto kong basahin,” sabad ng lalaki na noon ay nakaupo na ring muli.

Balak niyang tumanggi dahil ano ba ang pakialam nito sa editorial niya? Pero nakita niya ang mukha ng amo, at alam niyang matatalo siya sa argumento.

“Pagamit ng laptop,” aniya kay Gilbert. In-access niya ang file sa kanilang *Intranet* at saka iyon ibinigay kay Diego.

Saglit nitong pinasadahan ng mga mata ang artikulo bago umiling.

“Hindi n’yo puwedeng i-publish ito. Too much information. Malalagay sa alanganin either ang mga bata or ang rescue team.”

“Wala namang nabanggit diyan na mga pangalan, rescue plans or anything of the sort,” inis niyang katuwiran. Bakit ba niya kailangang magpaliwanag? “Opinion ’yan, pang-editorial page.”

“Oo nga, but the way you’ve written it may be misread by the general public.” Muli nitong iniharap sa kanya ang laptop.

Tumingin siya nang derecho sa mga mata nito. At tulad ng maraming nagdaang pagkakatong napapatitig siya rito, tumitigil pa rin ang daloy ng dugo sa utak niya kaya iyon nagha-hang.

*God, his eyes!* Bakit ba ganoon makatingin ang mga iyon?

“Tamara?” tawag nito.

“Mr. Villaroman,” aniya, umaasang hindi nito nahalata ang pagkaumid ng kanyang dila.

“Pormal na pormal naman! Kanina, Diego. Ngayon, Mr. Villaroman,” komento nito.

In-ignore niya iyon.

“Kilala ako ng mga readers namin as someone whose opinions have value. But nobody takes what they read on the newspaper anymore as gospel-truth.”

“Marami ka pang puwedeng maging bagong readers. At gaya ng nasabi ko na, there’s just too much information.”

Huminga lang siya nang malalim. Sinulyapan niya si Gilbert na halatang nate-tense na. Kinontrol niya lalo ang sarili para hindi magdabog habang nire-revise ang artikulo kasabay ng pagtawag sa section editor para i-hold sandali ang page-layout niyon.

Ten minutes later, binabasa nang muli ng binata iyon.

“Better,” simpleng tugon nito.

“Salamat nagustuhan mo,” maasim niyang balik.

Walang kakurap-kurap na tumitig ito sa kanya. Tinatagan niya ang sariling huwag umiwas ng tingin dito kahit pa pakiramdam niya ay nahuhubaran na ang pagkatao niya. Pagkuwa’y tumayo ito at nagpaalam.

“Tutuloy na ako, Gilbert.” Hinatak nito ang sleeve ng polo na nakatupi hanggang siko. “Tawagan mo na



lang ako kung may iba ka pang kailangan.”

“Sige, salamat, ha.” Iniabot nito ang kamay sa lalaki.

Bago ito makaalis, humirit pa siya.

“Baka gusto mong ibigay sa akin ang contact details mo, Mr. Villaroman. I’m writing another article tomorrow which might need your approval.”

If she hoped to rile him, nagtagumpay siya. Nagdilim ang mukha nito. Marahil kung hindi ito nagsalita, napasuko siya nito sa talim ng tingin na ibinato sa kanya.

“Mas okay siguro kung araw-arawin ko pumunta dito. Ano sa palagay mo?”

“Ah, Diego...” Pumagitna na si Gilbert dahil damang-dama na nito ang tensyon.

“Salamat, Gilbert,” anang bisita. Dere-derecho itong lumabas ng opisina.

It took a full minute to discover that she was shaking.

“Gusto mo ba sabihin sa akin kung ano’ng nangyari?” malumanay na usisa ng boss niya.

Alam niyang nagtitimpi lang ito. She had been

practically rude to his guest. What did she expect?

“I’m sorry, Gilbert.” Ibinaba niya ang tingin sa laptop screen.

“Ganoon lang?”

Huminga siya nang malalim habang ibinabalik dito ang laptop.

“Alam kong mali ang inugali ko sa harap ng bisita mo and I apologize. Beyond that, hindi ako handang magpaliwanag.”

Tumango ito bago naupo. “Nandito lang ako kung handa ka nang magpaliwanag.”

She excused herself. Binitbit niya ang dalang planner at lumabas na ng opisina nito. Pagdating sa sariling opisina, pabagsak siyang naupo at sumubsob sa mesa. Kahit hindi niya gusto, dinala siya ng isip sa alaala ng panahong ayaw na niya sanang balikan.

---

*Tahimik nang mga oras na iyon sa cafeteria at tamang-tama ang atmosphere para kay Tamara habang tutok na tutok siya sa pinag-aaralan. Komplikado ang Statistics para sa kanya. Aaminin niya, mahina talaga siya pagdating sa numero kaya kailangan niyang bigyan ng extra attention ang naturang subject.*

*Gustuhin man niyang sa library magbasa, hindi naman siya puwedeng magdala ng pagkain doon. Hindi pa kasi siya nagla-lunch at hindi siya nakapag-breakfast bago siya umalis ng bahay kanina. At may klase siya in an hour.*

*“Hi, Tammy!”*

*Isang malalim na boses kasabay ng malaking buldo ng anino ang tumapat sa binabasa niya. Bago pa siya tumingala, alam na niya kung sino iyon.*

*“Wag mo akong guluhin, Diego, may exam ako mamaya,” mataray niyang sagot bago muling kumagat ng ham sandwich.*

*“Suplada ka talaga,” walang sabi-sabing naupo ito sa bakanteng upuan sa harap niya.*

*Nag-init ang tainga niya sa patutsada nito. Best friend ito ni Nick na nobyo niya kaya hindi niya maintindihan kung bakit ganoon ito magsalita sa kanya. Maanghang, may laman. At hindi ito ang unang pagkakataon na nangyari iyon.*

*“Alam ko na iyon.” Nakataas ang kilay na tumingin siya rito.*

*“Wow! Ang taray pa din.” Sumandal ito sa kinauupuan, pinagkrus ang mga bisig sa harap ng*

dibdib. “And for all that fire, ang bland mong girlfriend.”

“Hindi ikaw ang boyfriend ko so ’wag mo akong husgahan,” she hissed.

“Thank God for that.” Tumawa ito. “Mamamatay ako sa boredom sa iyo, I’m sure. Then again, kung ganyan ka ka-intense sa pakikitungo sa akin, baka hindi din.”

Hindi niya napigilan ang sarili. Wala rin siyang kasama doon para pigilan siya. Dinampot niya ang baso ng Coke at isinaboy iyon sa kaharap.

Kung inaasahan niya na hindi ito magre-react, nagkamali siya. Maling-mali.

Sinunggaban nito ang kanyang pupulsuhan at saka siya hinatak papalapit.

“Nasasaktan ako!” Pilit niyang binabawi ang kamay sa mahigpit nitong pagkakahawak.

“Pasalamat ka babae ka,” anito, mababa ang boses pero puno ng tinitimping galit, “kung hindi, paduduguin ko ang labi mo.”

Iyon lang at tinalikuran na siya nito.

Naiwan siyang nanginginig at umiiyak sa galit. Pinagtitinginan siya ng kakaunting taong naroon pero

*Ikaw Pala Ang Minahal - Edith Joaquin*

---

*wala siyang lakas na kumilos para magtago. Natapos ang maghaponng iyon na hindi siya nakapasok sa lahat ng klase niya.*

## 2

*“Bye, Nick! Bye, Tammy!” Nakangising kumaway sa kanya si Diego na parang walang nangyaring hindi maganda sa pagitan nila nang hapong iyon.*

*Malapit lang ang bahay nito sa kanya kaya kapag wala itong lakad, sumasabay ito sa kanila ni Nick kapag inihahatid siya ng kasintahan.*

*Umirap siya imbis na tugunin ang pagkaway nito.*

*“Hon, bakit ba ang sungit mo kay Diego?” Sinulyapan siya ng nobyo bago muling pinaandar ang sasakyan.*

*At tulad ng maraming nagdaang pagkakataon, nag-isip siya nang mabuti kung sasabihin niya rito ang kapangahasan ng lalaki.*

*At muling nagdesisyon na hindi na lang. Mahal ni Nick ang kaibigan. Duda siya kung paniniwalaan nito na nagagawa siyang balahurain ng lalaking iyon.*

*“Nick,” malumanay ang boses niyang sagot, praying na hindi nito mahalata ang paggaralgal niyon, “we just don’t get along, okay?”*

*“Bakit? Mabait naman ’yung tao.” Hinaplos nito*

*ang kanyang pisngi.*

*Pinigilan niya ang magprotesta. Hindi yata nito kilala si Diego. Mabigat ang dahilan kung bakit hindi siya naniniwalang mabait ito.*

*“Nikolai, may mga gan’un.” Bumuntong-hininga siya. “Hindi magkasundo ang vibes namin.”*

*Nagkibit ito ng balikat at saka humugot ng malalim na hininga. “Tammy, hindi sa pinipilit kitang maging magiliw sa kanya, pero kaibigan ko si Diego. Malaki ang utang na loob ko sa kanya. Baka naman puwedeng makiusap na kahit ’wag mong sungitan man lang.”*

*Napalunok siya sa hinihiling ng katipan. Diego was the kind of man you would either love or hate. At dahil hindi niya puwedeng mahalín ito, pinili niyang magalit dito. Pero hindi niya iyon ipinaalam sa nobyo.*

*“I’ll try, Nick. I promise.”*

*“Thank you, Hon.”*

*She complied in the best way she knew how—by avoiding Diego. Iyon ang ginawa niya hanggang makatapos sila ng kolehiyo at maghiwa-hiwalay ng landas sa kani-kanilang propesyon.*

---

“Miss Tammy, okay ka lang?” Naramdaman niya ang paglapat ng isang kamay sa kanyang balikat.

“Ha?” Gulat siyang nag-angat ng tingin sa babaeng nakatayo roon.

Si Charrie iyon, assistant niya.

“Kanina pa ako katok nang katok sa pinto, hindi ka kumikilos kahit ang lakas-lakas ng boses ko.” Naupo ito sa bakanteng upuan sa tabi ng mesa niya. “May sakit ka ba?”

“No, okay lang ako.” Hinaplos niya ang buhok at inayos ang pagkakaipit niyon. “May kailangan ka?”

Umiling ito. “Nakakatatlong tawag na ’yung guard. Nandiyan na daw si Nick.”

*Oh, no!*

Kinuha niya ang cellphone sa lalagyan nito sa kanyang drawer. Eight missed calls at fourteen messages. Ang unang mensahe ay pumasok mahigit kalahating oras na ang nakaraan. At tumutunog na iyon ngayon.

Huminga siya nang malalim habang pinagagalitan ang sarili.

“I have to run.” Nagmadali siyang magligpit ng



gamit para makalabas agad ng building papunta sa nakaparadang sasakyan ng nobyo.

Sa pagkatakunot ng noo nito, obvious na bugnot ito sa kahihintay. Kung hindi ito si Nick, pihadong natalakan siya. Kung naging ibang babae siya, tatalak talaga ito. Wala itong pasensya sa mga nale-late na walang pasabi.

“I’m so sorry, Honey.” Dumukwang siya para halikan ito sa pisngi pagkaupong-pagkaupo niya sa passenger seat.

Binuhay nito ang makina at nagsimulang magmaniobra palabas ng parking lot.

“Kinausap kasi ako ni Gilbert, eh,” patuloy niya. “Napatagal ’yung usapan tungkol d’un sa sinulat ko.” Sinadya niyang hindi banggitin ang tungkol sa sorpresang bisita kanina sa opisina.

“It’s okay,” saad nito.

Nanatili silang tahimik buong oras ng biyahe nila hanggang makarating sa kanilang apartment. Inabot niya mula rito ang susi ng front door dahil bitbit nito ang dalawang malaking supot na amoy masarap. Bigla tuloy niyang naramdaman kung gaano siya kagutom. At kung gutom siya, malamang mas lalong gutom ito.

“Ako na ang mag-aayos, Hon.” Ibinaba lang niya ang bag sa mesita sa sala at agad nang sumunod dito sa kusina. “Initin ko na lang sa microwave ’yung food.”

“Sige,” sagot nito habang ibinababa ang pinamili sa kitchen table maliban sa isang supot. “Banyo lang ako.”

Bahagya siyang tumango habang naghuhugas ng mga kamay para makapagprepara. Nagtitimpla siya ng orange juice nang maramdaman niya ang yakap ng binata mula sa kanyang likuran.

“Gutom na gutom na ako,” komento nito habang hinahalikan siya sa gilid ng sentido.

“Nakahain na.” Hinaplos niya ang braso nitong nakapalibot sa baywang niya.

“Eh, kung sabihin ko na hindi pagkain ang hanap ko?” pilyo nitong saad habang gumagapang ang halik patungo sa puno ng kanyang tainga.

She laughed nervously. Kumawala tuloy siya sa yakap nito.

“Ako kasi gutom na talaga.” Binuhat niya ang pitsel ng juice at dinala iyon sa mesa.

“Sige na nga.” Nakangiting sinundan siya nito.

Silently, nagpasalamat siya na hindi ito nagpursue ng sinimulan. Halos apat na buwan na silang nagsasama sa iisang bahay. At talagang matagal na silang magkasintahan. Pero kahit ilang beses na itong nagparamdam na gusto nitong maging mas pisikal ang relasyon nila, ni minsan hindi siya nito pinilit sa ayaw pa niyang gawin.

Nanatiling magkahiwalay sila ng kuwarto. At kahit paminsan-minsan ay nakakatulog siya sa tabi nito sa kama dahil sa panonood ng DVD, hindi nito sinasamantala ang sitwasyon.

“Sabi mo may good news ka,” aniya nang makadulog sila sa mesa.

Kumislap ang mga mata nito, misteryoso ang ngiti. Ipinagsandok siya nito ng kanin at ulam sa kanyang plato.

“Later na, pagkakain.”

Simple lang ang hapunan – lechon manok, *chop suey* at *Brazo de Mercedes* para sa dessert.

“Halika muna sa labas,” aya nito matapos nilang kumain.

“Maghuhugas pa ako ng pinagkainan.” Sinimulan niyang ligpitin ang mga nasa mesa. Ayaw na ayaw

niya kasing may kalat sa komedor at lababo.

“Tammy, halika na, please?” Hinawakan nito ang mga kamay niya para pigilan siya sa ginagawa. “Tutulungan kita later.”

Hinayaan niyang igiya siya nito papunta sa likod, sa maliit na garden at saka siya napahinto. Kaya pala nagtagal ang binata nang magpaalam para magbanyo kanina. Ito malamang ang ginawa.

Nagkalat ang mga nakasinding scented candles sa palibot ng garden set na naroon. Sa mesita ay may nakalapag na bote ng alak at dalawang crystal goblets. Isang tangkay ng puting rosas ang nakahalang sa isa sa mga upuan at halos kinukumutan ng sangkatutak na rose petals ang sementadong sahig.

“What’s the occasion?” She looked up at him as he guided her to sit.

Hindi siya talaga romantic na tao. May gawin nga o wala kapag anniversary nila, hindi malaking kaso sa kanya. Pero naa-appreciate niya ang ganitong special treats mula sa nobyo. Nginitian niya ito nang matamis. Naupo ito sa tabi niya at nagsalin ng alak sa dalawang baso.

“Congratulate me,” he said. Iniabot nito ang isang kopita sa kanya pagkatapos ay sumimsim nang

kaunti mula sa hawak nito. “I got the grant, Hon!”

Namilog ang mga mata niya. “Congratulations, Nick! Sabi ko na sa iyo you’ll get it. Nagduda ka pa noon.” Mahigpit ang pagkakayakap niya rito tanda ng sincerity sa kanyang pagbati. Alam niya kung paano pinagbuhusan ng panahon ng katipan ang proyektong ito.

Sa isang NGO nagtatrabaho si Nick bilang project head. Ang grant na tinutukoy nito ay application sa isang foreign funding agency para sa development research para sa isang marginalized community.

“Mahirap naman kasing maniguro,” anito. “Mas gusto kong isipin na hindi mangyayari ang ini-expect ko so hindi ako masyadong madidismaya kapag di natuloy.”

“Here’s to you!” She raised her wine glass. Hinintay niyang itama nito roon ang sariling baso bago sumimsim ng alak. Saka siya nito hinalikan sa labi.

“Mmm...” He ran his tongue over his lips tasting the droplet of wine left there. “Sarap.”

Napangiti lang siya sa tinuran nito.

“Kailan iyan magsisimula?” Inilapag na niya ang

baso ng alak sa mesa. Wala siyang balak ubusin iyon. Hindi siya sanay uminom.

Itinabi na rin nito ang baso at saka hinawakan ang mga kamay niya. Naging malamlam ang mga mata nito.

“Next week na. Two years ang duration.”

Isa pang tango. “Nabanggit mo na nga ba kung saan?”

Napangiwi ito. “Iyon na nga.” Huminga ito nang malalim. “Hon, sa Lanao.”

Bahagyang nanlaki ang mga mata niya. “Lanao? Bakit doon?”

“Hindi naman kasi ito maa-approve kung hindi para sa Mindanao, eh.” Lumihis ito ng puwesto para isandal siya sa dibdib nito, putting his arms around her, his lips on her hair.

“Don’t worry. Safe sa pupuntahan namin at may military escort kami. Protektado ang team namin.”

Hindi niya yata kayang paniwalaan iyon. Kailan ba naging ‘sure’ ang kaligtasan doon?

“Gaano kadalas ka puwedeng umuwi?” Iyon ang itinanong niya dahil out of the question na siya ang

pumunta roon.

“A few days every six months...” Ibinitin nito ang sinasabi. Napakagat ito sa labi bago muling ngumiwi. “At best. Baka hindi pa ako makauwi minsan. Depende sa development ng project.”

Nanlumo siya. Ngayon lang sila magkakalayo nang ganoon. Hindi din magawang tumutol dahil wala sa konsensya niyang pakiusapan ito na i-give up ang proyekto.

“Two years...” mahinang ulit niya.

Kumilos si Nick para lumuhod sa harapan niya. Ipinatong nito ang mga palad sa mga kamay niyang nakatakip sa kanyang mukha at saka pinagdikit ang kanilang mga noo.

“I know, Hon,” tahimik na ayon nito. “Kaya ngayon sana I want to ask you...” Tumungo ito at saka huminga nang malalim, tila kumukuha ng buwelo.

She looked up at nakita ang bahid ng pag-aalinlangan sa mga mata nito.

“What, Nick?”

Bumilis ang tambol ng dibdib niya. Makikipaghiwalay na ba ito?

Nick loved her, sigurado siya roon. Pero praktikal din itong tao. Matagal na panahong magkakahiwalay sila at puwedeng isipin nitong maraming maaaring mangyari sa dalawang taon.

“Tamara...” Dumukot ito sa bulsa at nang muli hawakan ang kanyang kamay, may nasalat siyang bagay sa loob ng kamao nito. “Will you marry me?”

Tumigil nang tuluyan ang puso niya sa narinig. Saka niya tiningnan kung ano ang nakaipit sa pagitan ng kanilang mga kamay.

Naroon sa kanyang palad ang isang white gold na singsing na may kumikinang na emerald—ang kanyang birthstone.

Tumunghay siya sa guwapong mukha nito habang payapang tinatanggap ng puso niya ang alok nito. She might not be crazily in love, but she loved Nick enough to see a future with him.

“Yes,” punung-puno ng pagmamahal na sagot niya.

Isinuot nito ang singsing sa kanya bago siya masuyong hinagkan. “We’ll be married at Christmas time pagbalik ko so, we’d better get ready.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Ano’ng get ready?”



*Ikaw Pala Ang Minahal - Edith Joaquin*

---

Ngumiti ito nang pilyo saka unti-unting inilapit ang mukha para hagkan siya. Ang marahang haplos ng mga labi nito ang bumigkas ng nais nitong ipahiwatig. Nang maging mas mapusok ang paggalaw ng bibig nito sa kanya, naintindihan niya ang ibig nito.

And this time, as she felt his hands caressing her nape and back, she wanted it too. Nang gabing iyon, sa unang pagkakataon, ibinigay niya ang sarili rito.

# 3

Naging sobrang hectic para sa kanila ni Nick ang mga sumunod na araw. Bukod sa regular busy routine nila sa kani-kanilang trabaho at sa preparasyon sa pag-alis nito, isinisingit nila ang pag-aayos ng ilang papeles na kailangan para makakuha sila ng marriage license. Pareho silang may problema sa details ng kanilang birth certificate at naantala sila sa prosesong iyon.

And at night, they were just too tired even if they wanted to spend quality time together. At dahil mabilis lumipas ang oras, all too soon ay dumating na ang araw na aalis ito.

“May signal naman siguro doon, ano?” Itinuon niya ang mga mata rito.

Nakaupo lang siya sa sofa habang pinanonood itong ihanda ang mga dadalhing gamit.

“Oo naman.” Inilapag nito sa sala ang malaking backpack. Naupo ito sa tabi niya at saka siya inakbayan. “Tatawag, magte-text at mag-e-email ako sa iyo araw-araw hanggang magsawa ka.”

“Yung USB modem mo?” Inihilig niya ang ulo sa balikat nito.

“Iyon ang una kong inempake.” Naramdaman niyang nilapatan nito ng halik ang tuktok ng kanyang ulo.

Inangat niya ang tingin dito. “Ngayon pa lang, nami-miss na kita,” bulong niya.

“Mabilis lang ang two years, you’ll see.” Hinawi nito ang ilang hibla ng buhok sa kanyang pisngi.

He would have kissed her kung hindi siguro sa pagkatok sa gate ng apartment.

“Ako na,” anito nang akmang tatayo siya.

Lumingon siya para sumilip sa bintana pero agad natakpan ng buluto ni Nick ang dumating. Nag-tense ang buong katawan niya nang marinig ang bati nito sa bisita.

“Brod! Salamat sa pagpunta, ha.”

Si Diego Villaroman. What the hell was he doing at their home?

“I wouldn’t miss it for the world,” anito.

Pumasok ang mga ito sa kabahayan. “Tammy, you remember Diego?”

“Makakalimutan ko ba ’yan?” mahina niyang sagot.

Sinikap niyang kalmahin ang sarili. Pero dahil siguro sa kinasanayan, matalim ang tingin niya sa dumating. Wala rin kasing naging pagkakataon para magbago ang isip niya na kontrabida ito sa buhay niya.

“Hello, Tamara,” bati nito sa kabila ng ipinakita niya.

Hindi siya sumagot. Tumayo lang siya para magtungo sa kusina. “Gusto n’yo ng inumin?”

“May oras pa ba?” ani Diego. “Okay lang na tumuloy na tayo?”

“Sige lang, Brod, pahinga ka muna.” Sumunod sa kanya ang katipan. “Coke na lang, Hon.”

Ibinigay niya rito ang bote at siya ang nagdala ng mga baso. Inabutan nila si Diego na nakaupo sa sofa.

“Mabuti wala kang lakad ngayon, Pare.” Nagsalin si Nick ng inumin para rito.

“Kahit mayroon, tataluhin ko para sa iyo.” Nakangiting inabot nito ang baso ng *Coke*.

“Nagkita pala kayo last week, Hon.” Bumaling sa kanya ang nobyo. “Hindi mo nabanggit.”

“Nakalimutan ko.” Napalunok siya. Hindi niya

inisip na importante iyon.

“Mabilis lang kasi,” sabad nito. “Para ngang nagkabanggaan lang kami, pagkatapos nagmamadali din akong umalis.”

Umirap siya. Kung ine-expect nitong magpapasalamat siya, puwes, nagkakamali ang hudas.

Nilagok nito ang laman ng baso. “Tayo na, baka maipit tayo sa traffic.”

Aba’t... Kasama talaga ito sa paghahatid? Akala niya magta-taxi lang sila?

“Nakiusap ako kay Diego na ihatid na tayo, Hon.” Tila nabasa ng nobyo niya ang kanyang iniisip. “Ayokong mag-commute ka mag-isa pauwi.”

Bakit ba kasi hindi siya marunong magmaneho? Muli siyang nagbato ng suspetyosong tingin kay Diego. May magagawa ba siya? Tumango lang siya, at saka binuhat ang laptop bag ng katipan.

“Halika na,” anito.

Sa passenger seat sa harap ikinarga ni Diego ang pagkalaki-laking backpack. “Sa likod na kayo, Brod.”

“Ano ka ba?” tutol ni Nick. “Driver mode ba

tayo?”

“Okay lang.” Ini-lock nito ang pinto ng passenger’s side sa harap. “Mga isang oras pa papunta sa airport. Lubus-lubusin n’yo nang magtabi bago kayo magkalayo.”

Natawa ang kanyang nobyo at inalalayan na siyang makaupo sa likuran ng kotse. “Sabi mo. Salamat, ha.”

Napatalon ang puso niya nang tumawa si Diego. That was not good. Not good at all.

“Walang problema.” Binuhay na nito ang makina ng kotse. “Basta siguraduhin mong mag-ingat doon, ha. ’Wag na ’wag mong bibigyan ng dahilan na umiyak ’tong girlfriend mo.”

Kung hindi lang siya desididong galit siya rito, mahahalikan niya si Diego sa concern nito. Pero taliwas doon ang paniniwala niya. Hindi ito kakampi.

Tuloy naalala niyang sa isang delikadong lugar pupunta si Nick. Pinawalan niya ang isang malalim na buntong-hininga.

“Hey.” Humigpit ang yakap ng nobyo sa kanya habang inihilig ang kanyang ulo sa dibdib nito. “Don’t worry, Tammy. Mabilis lang ang two years. I’ll

be back before you know it.”

“Yeah, I know.” Iniyakap niya ang isang bisig sa baywang nito. It would be lonely facing days and nights without him ng ganoon katagal.

Si Diego ang nagdiskarga ng bagahe nito pagdating nila ng airport. Patungong Ozamiz City ang flight ni Nick. Iyon ang pinakamalapit na airport papuntang Lanao del Norte, kung saan naroon ang municipality ng Tangcal, ang beneficiary ng proyekto.

“Ingat ka, ha.” Niyakap niya ito. “Kapag may gulo, ’wag na ’wag kang makikialam. Ayokong makatanggap ng balita na hindi ka na makakauwi.”

“Ano ka ba? ’Wag mo i-stress out ang sarili mo.” Ipinagitna nito ang kanyang mukha sa mga palad at nilapatan ng halik ang kanyang noo. “Ikakasal pa tayo sa December. Alangan namang hindi matuloy iyon dahil lang nagkamali akong mamatay.”

“Nick...” May takot ang mga matang nag-angat siya ng tingin dito.

“Joke lang!” Ipinaloob siyang muli nito sa isang mahigpit na yakap.

Narinig nila ang announcement sa PA system ng airport, tinatawag na ang pasahero ng flight kung

saan kasama si Nick.

“Brod,” Diego interrupted, “baka mapagsarhan ka ng counter.”

Bumitaw si Nick sa kanya para harapin ang kaibigan. “Salamat ulit, Diego.”

“Anytime.” Nagkamay ang dalawa.

“Brod, si Tamara, ha. Paminsan-minsan kumustahin mo,” bilin pa nito.

“Of course.” Sinulyapan siya ng lalaki.

Hindi niya alam kung ikatutuwa iyon. Bakit kay Diego pa siya nito ipinagbilin?

Hinalikan siya ng nobyo. “Don’t work too hard.”

Noon siya nagsimulang mag-panic. Bakit ba masama ang kutob niya? Para siyang nagkaroon ng premonition na hindi na ito babalik.

“Nick, uuwi ka,” garalgal ang boses na sabi niya. “Kung paano ang Nick ngayon, ganyang-ganyan ang uuwi sa akin, narinig mo?”

“I’ll see you soon.” Hinagkan siya nito ulit, malalim at matagal. “I love you, my future Mrs. Nikolai Ancheta.”



Iyon lang at inihiwalay na nito ang katawan sa kanya. Muli itong nakipagkamay kay Diego bago hawakan ang push cart kung saan nakapatong ang bagahe.

Hindi ito nangako...

Isa pang lingon, isang kaway. And he had gone through the glass doors.

“I love you, Nick,” pahabol niya pero mahina lang. Siyempre, walang nakarinig niyon kundi siya.

---

Hindi niya alam kung gaano siya katagal nakatayo roon. Tila walang lakas ang mga paa niya para lumayo. Kung hindi pa nagsalita si Diego sa tabi niya, hindi pa siya matatauhan.

“Shall we go?”

Nilingon niya ito bago siya nagsimulang maglakad palayo pero mabilis siya nitong nahawakan sa bisig.

“Nandito ’yung kotse.” Iginiya siya nito pabalik sa kung saan nakaparada ang sasakyan.

“I can take a cab home.” Pinalis niya ang kamay nito.

“Tamara, magalit ka kung magagalit ka sa akin,

pero ako ang nagdala sa inyo dito, I owe it to my friend to bring you home safely.”

Umirap siya. “Ganoon ka ba ka-concerned sa akin at naisip mong tungkulin mo pa akong ihatid?”

Tumaas bahagya ang kilay nito. “Don’t bet on it, lady. I couldn’t care less kung maglakad ka mag-isa pauwi pero dahil ang alam ng boyfriend mo ay ihahatid kita, wala kang choice.”

Wala na siyang nagawa kundi sumama rito. Pahigpit din nang pahigpit ang pagkakahawak nito sa braso niya. Sigurado siya magpapasa iyon mamaya.

*Damn you, Diego!*

“Hindi bawal magsalita, Tamara,” anito, sumulyap sa kanya nang mapansing hindi man lang siya umiimik ni kumikilos sa sasakyan. “At puwede ba, mag-relax ka? Wala akong gagawing masama sa iyo.”

Ikinuyom niya ang mga palad at lalong itinikom ang bibig. Bakit ba siya magpapanggap na okay siya sa loob ng kotseng iyon kasama nito?

“Ang sabi mo, obligasyon mong ihatid ako pauwi. Hindi ko ini-expect na tungkulin mo din na gawing kumportable ako sa biyaheng ito,” mataray niyang saad.

“Talaga naman!” Malutong itong tumawa. “Ang talas talaga ng dila mo! Fine, kung ayaw mong magsalita, ’wag. Bahala ka na din kung manigas ang likod mo diyan dahil ayaw mong sumandal.”

Nanatili siyang nakatanghod sa labas. Much to her horror, naramdaman niyang nag-init ang mga mata niya. Naman! Hindi siya iiyak! Hindi sa harap nito! He would not... never have the satisfaction of seeing her cry.

“We’re here,” matigas nitong sabi.

*Thank God!*

Nagmamadali niyang ibinukas ang pinto at halos lumipad palabas. Ibinalibag niya pasara ang pinto but not before she could stop herself from letting out a sob.

“Anak ng pating, ano na?” narinig niyang bulalas nito bago mabilis na nakababa kasunod niya.

Hinablot nito ang bisig niya para humarap dito.

“Tammy, what did I do? What is it that I always seem to be doing para magkaganyan ka?”

“Let me go!” Marahas niyang binawi ang bisig, sa sobrang lakas ay na-off balance siya. Matutumba sana siya kung hindi ito mabilis na nakakilos.

“Will you stop struggling? Masasaktan ka niyan,” galit na saad nito. Hawak nito ang nagpupumiglas niyang mga kamay.

“So, what’s new?” sigaw niya. She was sobbing. She was hysterical. “Iyon ang gusto mo, di ba? Wala kang gusto kundi ang masaktan ako. Mula’t sapul noong college tayo, ’yan na ang naging puntirya mo!”

“Tammy, tigilan mo ang pagwawala mo, o kailangan ba kitang sampalin para matauhan?” Nagtaas na rin ito ng boses. Hindi kasing-lakas ng boses niya pero dama niya ang talas ng pagkakasabi niyon.

“Leave me alone, Diego!” Pinihit niya ang lock ng gate at agad na binuksan iyon para mabilis na pumasok. Itinulak niya iyon pasara, malakas. “Wag mo na akong papakialaman kahit kailan!”

“I wouldn’t touch you with a ten-foot pole kahit kulamin ako,” sagot nito mula sa kabilang side ng bakal na nakaharang sa kanila.

Sumakay itong muli sa kotse at pinaharurot iyon palayo. Hindi niya alam kung bakit patuloy pa rin sa pagpatak ang luha niya. Dahil ba iyon sa umalis na nobyo o dahil alam niyang kahit kailan ay hindi na magbabago ang turingan nila ni Diego?